



# Kalusugan ng mga Kababaihan

## Ang HIV at ang Pagdadalang-tao

Maraming kababaihang may HIV ang nag-aalala kung paano naapektuhan ng pagdadalang-tao ang kanilang HIV, at gayundin, kung ang kanilang sanggol ay mahahawa sa kanila. Napag-alaman sa mga kararaang pagsisiyasat na sa pamamagitan ng wastong pangangalaga, pag-inom ng mga gamot laban sa HIV at paggamit sa lahat ng paraang pangkalusugan, na malaki ang pag-asang maging maayos ang pagdadalang-tao at magsilang ng malusog na sanggol na ligtas sa HIV.

### Paano naapektuhan ng pagdadalang-tao ang HIV?

- Napagalaman din sa pagsisiyasat na hindi nagpapabilis o nagpapabagal ang pagdadalang-tao sa paglaganap ng HIV.

### Paano naapektuhan ng HIV ang pagdadalang-tao?

- Walang epekto ang HIV sa normal na pagdadalang-tao kung ang ina'y nananatiling malusog,
- May dagdag na panganib na magkaroon ng komplikasyon ang ina at sanggol kapag ang ina ay nagkaroon ng impeksyon dahil sa HIV tulad ng *Pneumocystis carinii pneumonia* (PCP) habang buntis. Ang panganib ay lumalala kung ang CD4 count ng ina ay mababa sa 200.
- Ang HIV ay walang epekto sa pagkabuo ng sanggol sa loob ng sinapupunan. Ang pinakanghigit na panganib na dala ng HIV habang buntis ay ang panganib na mahawa ang sanggol. Sa mga kababaihang hindi naggagamot, ang pagsalin ng HIV sa sanggol ay karaniwang tumataas sa 20-25%. Ang panganib na ito ay maaring maibaba sa 8-10% sa pamamagitan ng iba't ibang paraang tinatalakay sa ibaba.

### Pagsalin ng HIV sa sanggol mula sa ina.

Ang pagsalin ng HIV sa sanggol mula sa ina ay maaring mangyari:

- bago manganak
- habang nanganganak (labour and delivery)
- at pagkapanganak, dahil sa pagpapasuso

Ang mga tagasaliksik ay naniniwalang ang pagsalin ng HIV ay karaniwang nagaganap sa mga huling linggo ng pagdadalang-tao o sa araw ng panganganak.

### Mga bagay na nagpapataas ng panganib na mahawa ang sanggol sa ina:

- Mataas na viral load o mababang CD4 count (T-cell).
- Impeksyon sa ari, (tulad ng herpes) habang buntis
- pag-inom ng alak, paninigarilyo o paggamit ng recreational o street drugs habang buntis.
- pagputok ng panubigan mahigit sa apat na oras bago manganak.
- Vaginal delivery
- hirap na panganganak (labour) na nangangailangan ng pagsasagawa ng episiotomy at paggamit ng forceps.
- Pagpapasuso.



### **Mga bagay na nagpapababa ng panganib na mahawa ang sanggol sa ina:**

- Mababa at halos hindi masukat na viral load at mataas na CD4 (T-cell) count
- Ang pag-inom ng mga gamot laban sa HIV.
- Panganganak ng Caesarian.
- Matiim na pag-iwas sa mga impeksyong oportunist
- Paggamot sa iba pang mga impeksyon sa ari.
- Pagtangkilik sa maayos na pangangalagang pre-natal at iba pang serbisyong pangkalusugan.
- Pag-iwas sa mga matinding prosesong pananaliksik habang buntis.
- Paggamit ng bote sa halip na magpasuso
- Pagpapainom ng gamot laban sa HIV sa sanggol na bagong silang.

### **Mga gamot para mabawasan at maiwasan ang pagsalin ng HIV sa sanggol:**

#### Mga gamot laban sa HIV

- Ang AZT (zidovudine), na gamot sa HIV ay natuklasang nagpapababa ng panganib na mahawa ang sanggol sa ina. Ang AZT ay ihihahatol sa huling 6 na buwan ng pagdadalang-tao, sa oras ng paghilab ng tiyan (labour) at sa oras ng panganganak (sa pamamagitan ng iniksyon) at para sa sanggol naman, sa ikaanim na linggo pagkasilang.
- Nakita rin sa ibang pananaliksik na kahit na simulan ang AZT sa bandang huli ng pagdadalang-tao o sa oras ng panganganak, napapababa nito sa kalahati ang panganib ng pagsalin ng HIV.
- Natuklasan rin sa kararaang pananaliksik na ang isang dosage ng nevirapine (Viramune) para sa ina sa oras ng panganganak, at isa para sa sanggol pagkasilang, ay nagpapababa rin sa posibilidad na mahawa ang sanggol sa ina.

#### Caesarian delivery

- Ang panganib na mahawa ang sanggol ay nababawasan kung naipalang manganak ng Caesarean section. Ito ang tinatawag na “elective” C-section at ito’y isinasagawa sa ika-38 linggo ng pagdadalang-tao.

### **Mga gamot laban sa HIV para sa mga buntis:**

Ang mga may HIV na nagdadalang tao ay hinihimok uminom ng kinakailangang kagamutan, maging anupaman ang kondisyon ng pagdadalang-tao; maliban ang efavirenz (Sustiva) at delavirdine (Rescriptor) na hindi iminumungkahi habang buntis. Kailangan ding iwasan ang paggamit ng ddI at d4T ng magkasama.

Ang pamatnubay para sa pangmamayanan tungkol sa pagsisimula ng pag-inom ng gamot ay siya ring nababagay sundin ng mga nagdadalang tao.

Sumangguni sa “Pamatnubay sa Paggamot ng mga Babaeng may HIV” kung nais ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga gamot laban sa HIV para sa mga buntis.

Ang mga impormasyon tungkol sa pangangalaga ng kababaihang nagdadalang tao na may HIV ay matatagpuan sa Canadian Medical Association website sa [www.cmaj.ca](http://www.cmaj.ca).

**Copyright @ACAS 2001 & 2004.** This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : [www.acas.org/treatment](http://www.acas.org/treatment). ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: [support@acas.org](mailto:support@acas.org)

**Legal Disclaimer:** While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.